## Baha

**Ang Mga Pangyayari:** Sa kasalukuyan naaapekto ang ilang bahagi ng Seattle ng mga baha o panganib ng pagbaha. Maaari kayong matangay ng baha na kasing kaunti ng 6 na pulgada.

**Ano ang dapat gawin:**

- Huwag ninyong subukang lumakad o magmaneho sa isang lugar na may baha. Kung pumalya ang inyong sasakyan sa baha, lumabas kaagad at pumunta sa mas mataas na lupa. Maaaring matangay ang mga sasakayan sa dalawang talampakan ng tubig.
- Lumayo sa dumadaloy na tubig. Maaari kayong matangay ng dumadaloy na tubig na ang kalaliman ay anim na pulgada lamang.
- Kung nabaha ang inyong bahay, patayin ang kuryente at gas hanggang maabisuhan ng mga awtoridad na ligtas buksan muli.
- Hanggang matiyak na ligtas inumin ang tubig, uminom ng malinis na tubig sa bote.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

**Mga link na makakatulong:**

http://www.seattle.gov/emergency-management/what-if/hazards/floods

http://www.kingcounty.gov/healthservices/health/preparedness/disaster/FloodHouse.aspx

http://mil.wa.gov/emergency-management-division/hazards/flood